# 2023

# TAUNANG ULAT NG KALIDAD NG HANGIN




San Diego County
Air Pollution
Control District

# MGA NILALAMAN




03 MENSAHE MULA SA OPISYAL SA PAGKONTROL NG POLUSYON SA HANGIN

04 NAMAMAHALANG LUPON

05 TUNGKOL SA DISTRITO

09 KALAGAYAN NG HANGIN

13 SA KOMUNIDAD

20 NAGSUSUMIKAP BAWASAN ANG POLUSYON SA HANGIN

26 MGA GAWAD NA SALAPI AT MGA INSENTIBO

29 SINUSUBAYBAYAN ANG KALIDAD NG HANGIN

# MENSAHE MULA SA OPISYAL SA PAGKONTROL NG POLUSYON SA HANGIN

***Sa Mga Miyembro ng Namamahalang Lupon ng SDAPCD, Mga Stakeholder, at Mga residente ng county***

Ikinalulugod kong iharap sa inyo ang 2023 Taunang Ulat ng Kalidad ng Hangin para sa Distrito sa Pagkontrol ng Polusyon sa Hangin ng San Diego County (San Diego County AirPollution Control District, SDAPCD). Pinangungunahan ng aming 2023 Chair ng Namamahalang Lupon na si Marcus Bush, nagpatuloy kaming galugarin ang aming journey bilang hiwalay na ahensya.Tatlong taon na mula nang opisyal na ihiwalay ang SDAPCD mula sa County ng San Diego, at ipinagmamalaki namin ang progreso na nagawa namin para gawing institusyon ang pagkakapantay-pantay, pagiging malinaw, at pakikibahagi ng komunidad sa aming gawa habang ipinagpapatuloy namin ang aming mga pagsusumikap araw-araw para pagandahin ang kalidad ng hangin para protektahan ang kalusugan ng publiko at ang kapaligiran. Sa ulat na ito, magpapakita kami ng halimbawa ng magandang nagawa noong 2023 ng aming 177 empleyado- isang grupo ng mga dedikadong propesyonal na tumugon sa mga hamon ng aming bagong pangangasiwa sa pamamagitan ng paghahanap ng mga bagong paaran para gawin ang aming trabaho na nagbibigay ng prayoridad sa mga layuning ito.Noong 2023, nagpatuloy ang SDAPCD na buuin at palawakin ang mga programa nito para isulong ang aming mga layunin sa Kalidad ng Hangin, Kalusugan ng Publiko, Pagiging Makatarungan at Pagkakapantay-pantay sa Kapaligiran, Pakikibahagi ng Publiko at Pagiging Malinaw, at Husay sa Pagpapatakbo. Hiniling namin ang mga pagbawas ng mga emisyon ng mga lason sa hangin para bawasan ang mga panganib sa kalusugan mula sa mga nakapirming pinagmumulan, pinagtibay ang mga bagong panuntunan para bawasanang mga emisyon na bumubuo ng smog mula sa mga nakapirming pinagmumulan, at nagbigay ng gawad na pondo para bawasan ang mga emisyon mula sa mga gumagalaw na pinagmumulan sa pamamagitan ng pagpapadali sa paglipat sa kagamitan na walang (zero) emisyon. Kinumpleto rin namin ang programa para magbigay ng mahigit sa 500 air quality sensor at home air purifier para sa mga residente sa Portside Environmental Justice Community.

At nakakuha kami ng mga karagdagang mapagkukunan para buuin ang aming gawa para isulong ang pangkapaligirang hustisya at pakikibahagi ng publiko sa mga komunidad na kulang ang mapagkukunan sa buong San Diego County, na magpapahintulot din sa aming palawakin ang aming programa para magbigay ng mga air monitor at air purifier sa mga residente sa mga komunidad na ito.

Para dagdagan ang aming pagiging malinaw, nagdagdag kami ng maraming mapping tool sa aming website, para matukoy ng mga residente ang mga pinagmumulan ng mga lason sa hangin o mga reklamong inihain sa kanilang mga lugar. Nagawa namin ang mga layunin na ito habang binabawasan ang bilang ng bakanteng posisyon sa aming mga kawani sa 7%, tinitiyak na mayroon kaming naaangkop na mga mapagkukunan para isakatuparan ang aming mga plano at magawa ang aming gawain araw-araw para mapaganda ang kalidad ng hangin sa rehiyon. Noong 2023, nagsimula rin ang SDAPCD ng pangmatagalang proseso sa may estratehiyang pagpaplano para bigyang-diin ang aming mga prayoridad at gabayan ang aming trabaho sa mga darating na taon. Kumonsulta kami sa mga komunidad at stakeholder sa buong rehiyon sa pagbuo ng plano at inaasahang makukumpleto ito sa taglagas ng 2024.Lubos kaming nagmamalaki sa lahat ng nagawa namin noong 2023 at umaasang mawiwili kayong basahin pa nang mas detalyado ang tungkol sa aming iba't ibang mga programa at ang progreso na ginagawa namin tungo sa aming minimithing Malinis na Hangin para sa Lahat.

Taos-puso,

**PAULA FORBIS**



**Anne Marie Birbeck-Garcia**
*Doktor/Propesyonal sa Kalusugan ng Publiko*



**Consuelo Martinez**
*Miyembro ng konseho - Lungsod ng Escondido Representante ng Distrito 3*



**Enrique Medina**
*Siyentipiko/ Teknikal na Representante.*



**Esther Sanchez**
*Miyembro ng konseho - Lungsod ng Oceanside Representante ng Distrito 5*



**Georgette Gomez**
*Representante ng Pangkapaligirang Hustisya*



**Jack Shu**
*Miyembro ng konseho - Lungsod ng La Mesa Representante ng Distrito 2 Chair/Vice chair/Liaison ng militar*

# NAMAMAHALANG LUPON

Ang Distrito sa Pagkontrol ng Polusyon sa Hangin ng San Diego County ay ginagabayan ng Namamahalang Lupon.

Ang Lupon ay binubuo ng walong hinalal na opisyal mula sa Lupon ng mga Supervisor ng County, mga lungsod sa San Diego County, pati rin ng tatlong hinirang na mga miyembro ng publiko na nangunguna sa mithiin ng Distrito na malinis na hangin para sa lahat.



**Marcus Bush**
*Miyembro ng konseho - Lungsod ng National City Representante ng Distrito 1*



**Nora Vargas**
*Representante ng Lupon ng mga Supervisor ng San Diego County*



**Sean Elo-Rivera**
*Miyembro ng konseho - Lungsod ng San Diego Representante ng Distrito 4*



**Terra Lawson-Remer**
*Representante ng Lupon ng mga Supervisor ng San Diego County*



**Todd Gloria**
*Ganap na Miyembro ng Lupon ng Lungsod ng San Diego*

# TUNGKOL SA DISTRITO




Ang San Diego County Air Pollution Control District (SDAPCD) ay ang ahensya sa buong County na namamahala ng pagpapanatili ng kalidad ng hangin sa San Diego County para protektahan ang kalusugan ng publiko at ang kapaligiran. Kinokontrol ng SDAPCD ang mga nakapirming pinagmumulan ng polusyon sa hangin, nagbibigay ng mga gawad na salapi at insentibo, nakikipagtulungan sa komunidad, gobyerno, at mga katuwang sa industriya, nagtatakda ng mga panuntunan, at naghahangad ng mga bagong inisiyatiba para bawasan ang mga pollutant na maaaring makaapekto sa kalidad ng hangin.

**Misyon** ng SDAPCD na protektahan ang kalusugan ng publiko at ang kapaligiran. Ang aming **Mithiin** ay malinis na hangin para sa lahat. Mula sa Hilaga hanggang sa Timog at Silangan hanggang sa Kanluran, ang bawat sulok ng San Diego County ay dapat maramdaman ang parang sariwang mahihingang hangin.

# BUDGET

Para sa 2023-24 Taon ng Pananalapi (ika-1 ng Hunyo – ika-30 ng Hunyo), nagkaroon ng budget ang SDAPCD ng $116.1 milyon. Ang pinakamalaking pinagmumulan ng pondo ng SDAPCD ay binubuo ng mga gawad na pondo ng estado at pederal mula sa Lupon ng mga Mapagkukunan kaugnay sa Hangin ng California (Californai Air Resources Board, CARB) at Ahensyang Nagbibigay ng Proteksyon sa Kapaligiran ng Estados Unidos (U.S. Environmental Protection Agency, EPA) ang karamihan sa mga ito ay ginagamit para sa mga ipinasang gawad na salapi para sa mga proyekto para mapaganda ang kalidad ng hangin. Kasama sa iba pang pinagmumulan ng pondo ang mga permismo at iba pang singil mula sa mga nakapirming pinagmumulan na kinokontrol ng SDAPCD at mga singil para sa pagrerehistro sa Department of Motor Vehicles (DMV).




# KALIDAD NG HANGIN AT KALUSUGAN NG PUBLIKO

Ang misyon ng SDAPCD ay protektahan ang kalusugan ng lahat ng nakatira at bumibisita sa San Diego County.

Nagtakda ng mga pamantayan ng kalidad ng hangin para protektahan ang kalusugan ng publiko at iwasan ang anumang hindi magandang epekto sa kalusugan na maaaring magdulot ng tumaas na mga antas ng contaminant sa hangin. May mga panandalian at pangmatagalang panganib na nauugnay sa pagkakalantad sa mga pollutant na inilalabas mula sa iba't ibang pinagmumulan.


## MGA PANANDALIANG EPEKTO NG POLUSYON SA HANGIN



**Iritasyon sa Baga**
- *Pag-ubo*
- *Pangangati ng lalamunan*
- *Kapos na paghinga*

**Paglubha ng dati nang mga kondisyon**
- *Mga pag-atake ng hika*
- *Paglubha ng hindi gumagaling na*

## MGA PANGMATAGALANG EPEKTO NG POLUSYON SA HANGIN




**Chronic Respiratory Diseases**
- *Hindi gumagaling na sakit na bara sa baga (Chronic obstrutive pulm - nary disease, COPD)*
- *Kanser sa baga*

**Mga Sakit sa Puso**
- *Sakit sa puso*
- *Stroke*

# MGA NAGIGING SANHI NG POLUSYON SA HANGIN

Patuloy na nagtatrabaho ang SDAPCD na pagandahin ang kalidad ng hangin, pero walang nag-iisang pinagmumulan ng polusyon sa hangin. Ang pagtugon sa mga sanhi ay nangangailangan ng kinoordina na pamamaraan na may tatlong antas mula sa U.S. Environmental Protection Agency (EPA), ang California Air Resources Board (CARB), at ang lokal na Air District. Ang bawat ahensya ay inaatasan ng pagkontrol sa iba't ibang pinagmumulan ng polusyon sa hangin.


Kinokontrol ng EPA ng Estados Unidos ang mga pinagmumulan na nagbibiyahe sa interstate, tulad ng mga eroplano, tren, at mga barko.





Kinokontrol ng CARB ang mga emisyon mula sa mga sasakyan, gasolina, at mga produktong pang-consumer.






Pangunahing kinokontrol ng SDAPCD ang mga nakapirming pinagmumulan ng polusyon ng hangin, pero sa pamamagitan ng kasunduan sa CARB, kinokontrol din nito ang ilang Sasakyang-pandagat at mga Heavy-Duty na sasakyan na pinatatakbo ng diesel.

# KALAGAYAN NG HANGIN



# MGA CRITERIA POLLUTANT



Ang SDAPCD ay responsable para sa pagsubaybay sa mga criteria pollutant para matiyak na natutugunan ng kalidad ng hangin ng San Diego County ang mga pamantayan ng pederal at estado. Para sa bawat criteria pollutant, itinatalaga ang rehiyon bilang nasa nakatugon (attainment), ibig sabihin, natutugunan ang mga pamantayan, o hindi nakatugon (nonattainment), ibig sabihin, hindi natugunan ang mga pamantayan.


Ang Pambansang Mga Pamantayan ng Kalidad ng Ambient Air (National Ambient Air Quality Standards) (NAAQS) at/o Mga Pamantayan ng Kalidad ng Ambient Air ng California (California Ambient Air Quality Standards, CAAQS) ay itinatakda ng EPA o CARB para sa maximum na antas na maaaring umiral ang pollutant ng hangin sa hangin sa labas nang hindi nakakaapekto sa kalusugan ng publiko.

*Ang mga kasalukuyang pambansa at pang-estadong pagtatalaga ng pamantayan ng kalidad ng hangin para sa San Diego County ay makikita sa table.*

| Criteria Pollutant | Pagtatalaga ng Pederal | Pagtatalaga ng Estado |
|---|---|---|
| Ozone (8 Oras) | Hindi Nakatugon | Hindi Nakatugon |
| Ozone (1 Oras) | Nakatugon | Hindi Nakatugon |
| Carbon Monoxide | Nakatugon | Attainment |
| PM10 | Hindi mauri | Hindi Nakatugon |
| PM2.5 | Nakatugon | Hindi Nakatugon |
| Nitrogen Dioxide | Nakatugon | Nakatugon |
| Sulfer Dioxide | Nakatugon | Nakatugon |
| Lead | Nakatugon | Nakatugon |
| Sulfates | Walang Pamantayan ng Pederal | Nakatugon |
| Hydrogen Sulfide | Walang Pamantayan ng Pederal | Hindi nauri |
| Bisibilidad | Walang Pamantayan ng Pederal | Hindi nauri |

# MGA PINAGMUMULAN NG MGA EMOSYON: *NOX*


Noong 2023, 93% ng mga nitrogen oxide (NOx) ay inilabas mula sa mga gumagalaw na pinagmumulan (sa kalsada at wala sa kalsada), 5% ang inilabas mula sa mga nakapirming pinagmumulan, at 2% ang mula sa mga pinagmumulan sa buong lugar. Ang ilan sa mga nangungunang pinagmumulan ng mga emisyon ng NOx sa San Diego County kasama ang mga sasakyan sa dagat (halimbawa: cargo/mga container na barko), kagamitan na wala sa kalsada, heavy-duty/medium-duty na mga truck na pinatatakbo ng diesel, eroplano, at pangkomersyal na sasakyan sa daungan (halimbawa: mga tugboat, towboat, pampasahero, at mga pangkomersyal na bangka sa pangingisda).




# MGA PINAGMUMULAN NG MGA EMISYON: VOC

Para sa mga volatile organic compound (VOCs) noong 2023, 40% ang inilabas mula sa mga gumagalaw na pinagmumulan (sa kalsada at wala sa kalsada), 26% ang inilabas mula sa mga nakapirming pinagmumulan, at 34% ang mula sa mga pinagmumulan sa buong lugar.


Kasama sa ilan sa mga nangungunang pinagmumulan ng mga emisyon ng VOC sa San Diego County ang mga produkto na pang-consumer (halimbawa: mga deodorant, hair spray, mga produktong panlinis, mga insecticide, atbp.). mga kagamitan na wala sa kalsada, mga bangka para sa paglilibang, mga pang-arkitekturang coating (tulad ng mga pintura, barnis, at ibang mga finish sa bahay), at iba pang mga sari-saring coating/ mga kaugnay na solvent.




# MGA PINAGMUMULAN NG MGA EMISYON: PM2.5

Para sa pinong particulate matter (PM2.5) noong 2023, 23% inilabas mula sa mga gumagalaw na pinagmumulan (sa kalsada at wala sa kalsada), 15% ang inilabas mula sa mga nakapirming pinagmumulan, at 62% ang mula sa mga pinagmumulan sa buong lugar.


Kasama sa ilan sa mga nangungunang pinagmumulan ng mga emisyon ng PM2.5 sa San Diego County kasama ang residensyal na pagsusunog ng gasolina (halimbawa: pagpapainit ng tubig/mga furnace), konstruksyon at demolisyon, pagluluto, eroplano, at alikabok mula sa mga sementadong kalsada.



# NAGSUSUMIKAP PARA SA MALINIS NA HANGIN PARA SA LAHAT

Nagsusumikap ang SDPACD para matugunan ang mga pamantayan ng kalidad ng hangin dahil pinakamahalaga sa amin ang kalusugan ng publiko. Sa nakalipas na maraming dekada, bumuo at pinalawak ng SDAPCD ang mga programa nito sa regulasyon para bawasan ang mga emisyon mula sa mga nakapirming pinagmumulan, dinagdagan din ang mga programa nito na batay sa insentibo para makamit ang mga pagbawas sa mga emisyon mula sa mga gumagalaw na pinagmumulan (tulad ng mga kotse, truck, at mga sasakyan at kagamitan na wala sa kalsada) nang higit sa hinihiling ng batas o regulasyon.

Sa nakalipas na ilang dekada, ang patuloy na mga pagsusumikap ng SDAPCD para pagandahin ang kalidad ng hangin ay humantong sa mas mababang mga antas ng mga emisyon na bumubuo ng ozone. Gayunpaman, kailangan ng mga karagdagang pagbawas mula sa mga pinagmumulan ng mga emisyon na nag-aambag sa hindi pagtugon sa pamantayan dahil sa ozone. Na-update rin ng SDAPCD ang State Ozone Attainment Plan (Estratehiya ng Panrehiyong Kalidad ng Hangin, o RAQS) noong 2023 para ipakita kung paano (at kailan) inaasahan ng rehiyon na matugunan ang mga pamantayan ng ozone sa estado sa mga darating na taon.






# SA KOMUNIDAD

Bilang bahagi ng pangako nito sa panghihikayat na makibahagi ang komnidad, nagpapatuloy na gumawa ng mga pag-usad ang SDAPCD para ipatupad ang mga estratehiya na nakabalangkas sa Plano nito sa Paglahok ng Publiko at Balangkas para sa Pangkapaligirang Hustisya. Dagdag pa rito, pinagtibay ng Namamahalang Lupon ng SDAPCD ang isang Equity Statement na nag-uutos sa organisasyon na isulong ang mga patakaran, programa,a at mga serbisyo na nagkakamit ng pangkapaligirang hustisya at pagkakapantay-pantay.

Ibig sabihin nito, pagpapatupad ng mga karagdagang hakbang sa mga komunidad na pinaka-apektado ng polusyon sa hangin para matiyak na may access ang lahat ng San Diego County sa malinis na hangin.



# PANGKAPALIGIRANG HUSTISYA

Ang Balangkas ng Opisina ng Pangkapaligirang Hustisya ng SDAPCD ay roadmap para isama ang pangkapaligirang hustisya at pagkakapantay-pantay sa aming mga pagpapatakbo, patakaran, at mga regulasyon. Para magawa ang layunin na ito, nakatuon kami sa mga internal na pagpapatakbo ng SDAPCD at impormasyon na saligan para matiyak na nagtatrabaho ang lahat ng sangay para isulong ang pangkapaligirang hustisya. Ginagawa ito sa maraming paraan, tulad ng pagbuo ng naa-access at interactive na mga mapping tool, pagsusuri ng mga bago at binagong panuntunan sa pamamagitan ng pananaw ayon sa pangkapaligirang hustisya, at pagbuo ng mga mapagkukunan para sa lahat ng programa ng SDAPCD para matukoy at makipagtulungan sa mga komunidad para pangkapaligirang hustisya sa buong rehiyon. Dagdag pa sa internal na gawain, nagsusumikap ang Opisina ng Pangkapaligirang Hustisya ng SDPACD sa pagbuo ng mga pakikipagtulungan sa Mga Organisasyon sa Komunidad (Community-Based Organizations, mga CBP) sa buong rehiyon, at mga miyembro ng komunidad.

# PROGRAMA NG PROTEKSYON SA HANGIN NG KOMUNIDAD

Ang Programa ng Proteksyon sa Hangin ng Komunidad (Community Air Protection Program, CAPP) ay itinatag ng Lupon ng mga Mapagkukunan kaugnay sa Hangin ng California (California Air Resources Board, CARB) bilang pagtugon sa Assembly Bill (AB) 617. Ang layunin ng programang ito ay bawasan ang pagkakalantad sa polusyon sa mga komunidad na hindi proporsyon na nahirapan dahil sa polusyon sa hangin. Dalawang bahagi sa San Diego County ang itinalaga bilang Mga Komunidad sa Pangkapaligirang Hustisya (Environmental Justice, EJ) Sa pamamagitan ng programang ito; ang International Border Community, na kinabibilangan ng mga komunidad ng San Ysidro at Otay Mesa East at ang Portside Community, na kinabibilangan ng mga komunidad ng Barrio Logan, Logan Heights, Sherman Heights, at ang kanlurang bahagi ng National City. Itinatag ang mga Steering Committee para sa parehong mga komunidad na binubuo ng mga residente ng lugar, industriya, academia, mga organisasyon sa komunidad, at mga representante ng pampublikong ahensya.

# STEERING COMMITTEE NG KOMUNIDAD PARA SA INTERNASYONAL NA HANGGANAN








Nitong nakaraang taon, nagsumikap ang International Border Community Steering Committee (IBCSC) para buuin ang Plano sa Pagsubaybay ng Hangin sa Komunidad (Community Air Monitoring Plan, CAMP) para sa mga komunidad ng San Ysidro at Otay Mesa, isang plano para tukuyin ang mga pangunahing lugar sa komunidad kung saan nila gustong maglagay ng mga monitor dahil sa mga pollutant sa hangin na nakakaapekto sa katabing mga miyembrong komunidad.

Bumuo rin ang IBCSC ng Plano sa Pagbawas ng Emisyon sa Komunidad (Community Emission Reduction Plan, CERP). Gamit ang aktwal na karanasan at datos ng kalidad ng hangin, natukoy ng IBCSC ang mga prayoridad sa kalidad ng hangin, at nagtulungan para bumuo ng 34 na estratehiya at 128 aksyon para magpatupad ng mga estratehiya para tugunan ang mga prayoridad ng komunidad. Ipinapakita ng mga estratehiya ang mga orihinal na ideya ng committee, habang ang iba ay mula mga estratehiya ng CERP na nabuo ng iba pang AB 617 komunidad mula sa Programa ng Proteksyon sa Hangin ng Komunidad. Nakipagtulungan din ang SDAPACD sa mga katuwang na pampublikong ahensya tulad ng San Diego Association of Governments (SANDAG) at Caltrans, para suriin at tukuyin ang mga nauugnay na estratehiyang nadokumento sa mga nakaraang pagsusumikap sa pagpaplano na maaaring mabawasan nang malaki ang mga emisyon mula sa mga pangunahing pinagmumulan.

# STEERING COMMITTEE NG KOMUNIDAD NG PORTSIDE

Nagtutulungan ang mga katuwang na ahensya para magpakita ng Taunang Ulat ng Progreso ng CERP sa CSC. Ibinahagi ng mga miyembro ng Portside CSC na gusto nilang maging mas aktibong kabilang sa mga pagpupulong at pagpapatupad ng CERP. Batay sa kahilingan na ito, tatlong subcommittee ang nabuo:



**1. Ang** subcommittee **sa Pagpapatupad at Pagpopondo**
ay nakatuon sa pagbuo ng pangkat ng mga pamantayan para sa anumang imumungkahing mga proyekto sa hinaharap sa mga Komunidad ng Portside para matiyak na susulong ang mga proyekto sa hinaharap at matutugunan ang mga layunin ng CERP.



**2. Ang subcommitte sa Pagsubaybay at Pagsusuri ng Datos**
ay nakikipagtulungan sa SDAPCD para suriin ang datos at mga presentasyon sa pagsubaybay para matiyak na ibinabahagi ang datos sa isang naa-access at makabuluhang paraan bago ito ipakita.



**3. Panghuli, ang subcommittee para sa Outreach sa Komunidad**
ay nagpaplano ng mga paraan para makakuha ng mas maraming miyembro ng komunidad na lumahok sa CSC.

# PAGTUTULUNGAN PARA SA PANGKAPALIGIRANG HUSTISYA

Ginawaran ang SDAPCD ng gawad na salapi para sa Gobyerno sa Gobyerno na Pangkapaligirang Hustisya (Environmental Justice Government-to-Government, EJG2G) mula sa U.S. Environmental Protection Agency, isang mahalagang milestone para magdala ng mga karagdagang mapagkukunan sa mga komunidad na may mas mataas na polusyon sa hangin. Ang isang milyong dolyar na gawad na salapi ay kinabibilangan ng pakikipagtulungan sa mga komunidad na nahaharap sa kawalan ng hustisya para pagandahin ang kalidad ng hangin. Gagawin ito ng SDAPCD sa pamamagitan ng Pagtutulungan para sa Pangkapaligirang Hustisya, isang kolaborasyon sa walong CBO, CARB, at ang Opisina ng Kakayahang Mapanatili at Pangkapaligirang Hustisya ng County, para simulan ang bagong paraan sa Programa ng Proteksyon sa Hangin ng Komunidad (Community Air Protection Program, CAPP).

Ang muling binuong CAPP na ito (na maaaring magsilbi bilang modelo sa buong estado) ay mas kaunti ang oras at kakailanganin ng maraming mapagkukunan para sa parehong SDAPCD at mga kalahok na komunidad. Gumagamit ang programang ito ng sikat na edukasyon at pagpaplano sa paglahok para matukoy ng mga miyembro ng komunidad ang mga isyu sa kalidad ng hangin at kasamang bumuo ng mga solusyon para matugunan ang mga isyung ito. Dagdag pa rito, ang pagsusumikap na ito ay pahihintulutan kaming mapalawak ang aming network sa pagsubaybay sa pamamagitan ng pagkakabit ng mga monitor na may sensor sa buong komunidad ng EJ sa buong rehiyon. Kasama rin sa programa ang pagtatatag ng bagong Magtatrabahong Grupo sa Pangkapaligirang Hustisya na nakatuon sa kalidad ng hangin, na magsasama-sama sa pakikipagtulungan sa Opisina ng Pagiging Napapanatili at Pangkapaligirang Hustisya ng County ng San Diego.










# MGA PARANGAL PARA SA MALINIS NA HANGIN PARA SA LAHAT

***Ang Parangal para sa Malinis na Hangin para sa Lahat*** ay kinikilala ang mga non-profit na organisasyon, industriya, mga ahensya ng gobyerno, at negosyo na bumubuo at/o nagpapatupad ng mga makabagong solusyon nang higit sa mga kinakailangan ng regulasyon para suportahan ang mithiin ng SDAPCD na Malinis na Hangin para sa Lahat. Pumipili ng organisasyon sa bawat isa sa tatlong kategorya, Kalidad ng Hangin, Kalusugan ng Publiko at Pangkapaligirang Hustisya.

Ngayong taong ito pinili ang mga sumusunod na organisasyon para makatanggap ng Parangal para sa Malinis na Hangin para sa Lahat.












## Kalidad ng Hangin

Kinilala ang **San Diego County Regional Airport Authority** para sa pagpapatupad ng San Diego International Airport (SAN) All-Electric Shuttle Program (AESP). Ang AESP ay 100% serbisyo ng de-kuryenteng shuttle na nagresulta sa 1,354 metric ton na pagbawas sa CO2 noong 2021 lang. Sa pagpapatupad ng programang ito, ang SAN ay mayroong pinakamalaking grupo ng shuttle na de-kuryente lahat sa rehiyon at sa North American airport.

## Pangkapaligirang Hustisya at Pagkakapantay-pantay

Kinilala ang Environmental Health Coalition para sa Portside Air Quality Improvement Relief (PAIR) Program. Ang Programang PAIR ay namahagi ng mahigit sa 500 monitor at mga air purifier para sa mga residente sa Komunidad ng Portside, at tinuruan din ang mga residente tungkol sa kalidad ng hangin. Gumawa ng datos ang mga monitor para malaman ang kalidad ng hangin sa loob at magagamit ang impormasyong iyon para magpatupad ng mga inisiyatiba para tumulong na mapaganda ang kalidad ng hangin sa mga komunidad ng Portside.

## Kalusugan ng Publiko

Kinilala ang **Heat and Human Health Organizing Committee ng H3SD San Diego** para sa unang Heat and Human Health Summit (Summit) sa bansa. Pinagsama-sama ng Summit na ito ang medikal na komunidad, mga medikal na estudyante ng San Diego, County ng San Diego, at ang mga opisyal sa kalusugan ng publiko para matugunan ang mga epekto ng init sa kalusugan ng tao, pati rin kung paano nauugnay ang polusyon sa hangin sa hindi magandang mga epekto sa kalusugan.



# NAGSUSUMIKAP PARA BAWASAN ANG POLUSYON SA HANGIN


Nakatuon ang SDAPCD sa misyon nitong isulong ang Malinis na Hangin para sa Lahat. Sa pamamagitan ng masusing pagsubaybay at pagpapatupad ng mga regulasyon sa kalidad ng hangin, tinitiyak naming susubaybayan ang mga pinagmumulan na maaaring gumawa ng mga emisyon sa hangin. Ang aming Karagdagang Programa ng Pangkapaligirang Proyekto ay nagpapatupad ng mga inisiyatiba sa komunidad at tina-target ang pagbawas ng polusyon sa mga komunidad na pinakaapektado. Nagpa-publish din kami ng mga set ng datos at mga mapping tool para isulong ang pagiging malinaw at pananagutan.

Sa pagbibigay ng prayoridad sa kalusugan ng publiko, pangkapaligirang hustisya, at mga gawi sa kakayahang mapanatili, gumagawa kami ng malaking hakbang tungo sa hinaharap kung saan magiging totoo ang malinis na hangin para sa lahat.

# MGA PANUNTUNAN

Bumuo ng mga Panuntunan ang Distrito para matugunan ang mga pamantayan ng magandang kalidad ng hangin. Sinusuri at binabago paminsan-minsan ang mga panuntunan para matiyak na gumagamit ang mga negosyo ng mga pinakabagong kagamitan at paraan para bawasan ang polusyon sa hangin.

**Noong 2023, binago ng Distrito ang mga sumusunod na panuntunan:**



| | |
|---|---|
| *Panuntunan 40* | Pagbago sa Permiso at Iba pang Singil |
| *Panuntunan 1200* | Nakakalason na Contaminant sa Hangin-Pagsusuri ng Bagong Pinagmumulan (Table I, II, at III) |
| *Panuntunan 1210* | Mga Panganib sa Kalusugan ng Nakakalason na Contaminant sa Hangin-Pagbibigay ng Abiso sa Publiko at Pagbawas ng Panganib (Table I, II, at III) |
| *Panuntunan 19.2* | Mga Kinakailangan para sa Patuloy na Pagsubaybay sa Emisyon |
| *Panuntunan 1415* | Proseso ng Permiso-Pagbibigay ng Abiso sa Publiko |
| *Panuntunan 69.7* | Mga Landfill Gas Flare |

### *Kapansin-pansing Pagpapatibay ng Panuntunan*

- Ang mga landfill gas flare ay mga device na nagsusunog (combustion) na sumisira sa methane at carbon dioxide gas na inilalabas mula sa decomposition ng basura sa isang landfill.
- Sinusunog ng mga flare ang landfill gas sa mataas na mga temperatura at gumagawa ng NOx at carbon monoxide (CO) bilang mga byproduct. Tinutugunan ng Bagong Panuntunan na 69.7 ang NOx na inilalabas mula sa mga nasabing device.
- Naaangkop ang Bagong Panuntunan na 69.7 sa lahat ng umiiral na landfill gas flare na pinapatakbo sa mga municipal solid waste (MSW) landfill sa San Diego County kung saan ang pinagsama-samang aktwal o potensyal na mga emisyon mula sa mga nasabing flare ay nasa o matas sa 25 tonelada bawat taon o higit pa ng NOx.
- Dapat sumunod ang mga pasilidad sa mahigpit na pagsusuri at mga paraan ng pagsubaybay para matiyak na mananatili ang kanilang mga emisyon na mababa sa mga kinakailangang pamantayan.

# PAGKONTROL SA PINAGMUMULAN NG POLUSYON SA HANGIN


Noong 2023, 319 Authorities to Construct (permiso para magkabit, baguhin, at/o gumawa ng kagamitan o mga proseso) ang ibinigay para sa iba't ibang mga pagpapatakbo na maaaring gumawa ng mga emisyon sa hangin. Sa karaniwan, ang pagbibigay ng mga permisong ito ay inabot ng humigit-kumulang na 90 araw. Bago ibigay ang mga Authorities to Construct na ito, nagsasagawa ng komprehensibong pang-engineering na pagsusuri. Kasama rito ang pagbilang ng damit ng mga potensyal na emisyon at mga panganib sa kalusugan, pagsusuri ng lahat ng naaangkop na panuntunan at regulasyon sa kalidad ng hangin, at pagtukoy kung ang iminumungkahing pagpapatakbo ay inaasahang sumunod sa mga panuntunan at regulasyon na iyon. Ang bawat Authority to Construct ay may kasamang mga partikular na kondisyon na tinitiyak ang patuloy ang pagsunod at sasailalim sa mga inspeksyon sa field bago ibigay ang pinal na permiso para mag-operate.

Saklaw ng Authorities to Construct ang malawak na hanay ng mga operasyon, kasama ang 173 engine, 48 gasolinahan, 38 operasyon ng coating/pandikit/solvent, at 17 pagpoproseso ng aspalto/aggregate. Kasama sa iba pang pinahintulutang mga operasyon ang mga pasilidad para sa sewage treatment, mga boiler/heater unit, abrasive blasting soil remediation, dry cleaning, pagtutusta ng kape, at iba pang operasyon na maaaring makakontamina sa hangin. Dagdag pa rito, humigit-kumulang 1,400 na imbentaryo ng emisyon ang inihanda para mabilang ang dami ng mga emisyon at matukoy ang mga pinagmumulan na maaaring gumawa ng mataas na mga panganib sa kalusugan. Sa mabusising pagsusuri at pagkontrol sa mga aktibidad na ito, nagsusumikap kaming protektahan ang kalusugan ng publiko at ang kapaligiran.

**SINURI NG SDAPCD ANG HUMIGIT-KUMULANG NA**

**300**

**APPLICATION PARA SA PERMISO TAUN-TAON**



# ANG PROGRAMA NG "MGA HOT SPOT" NG MGA LASON SA HANGIN NG CALIFORNIA

**Ipinapakita ang Dedikasyon ng SDAPCD sa Kalusugan at Kaligtasan para sa lahat ng Komunidad ng San Diego County**



Sa ilalim ng Programa ng "Mga Hot Spot" ng mga Lason sa Hangin (Programa), kinakalkula ng SDAPCD ang mga potensyal na panganib sa kalusugan mula sa mga pasilidad na maaaring maglabas ng mga nakakalason na substance. Ang maraming nakakalason na substance ay maaaring magudlot ng hindi magandang mga epekto sa kalusugan na maaaring mula sa hindi malubhang pagka-irita ng mata o lalamunan, kapos na paghinga o mga sakit ng ulo, hanggang sa mas permanente at malubhang mga kondisyon tulad ng kanser, mga depekto sa pagkapanganak, o pinsala sa mga baga, ugat, atay, puso, o iba pang organ.

Ikinalulugod naming iulat na simula 2021, ang tumaas na mga panganib sa kalusugan na posibleng nakakaapekto sa 1,629 sambahayan, 59 na negosyo, at isang liwasan ay nabawasan sa mga antas na mababa sa mga itinatag na limitasyon.

Ang nakamit na ito ay resulta ng Desisyon ng Namamahalang Lupon ng SDAPCD na bigyan ng prayoridad ang kalusugan at kaligtasan sa pamamagitan ng pagpapatibay ng mas mahigpit na mga kinakailangan para bawasan ang mga potensyal na panganib sa kalusugan. Binibigyang-diin ng nakamit na ito ang matibay na dedikasyon ng SDAPCD sa pagsulong ng mas malinis na hangin at pagpapayaman ng mas malusog na tinitirhang kapaligiran para sa lahat ng residente at negosyo sa San Diego County.

Dagdag pa rito, bilang bahagi ng aming dedikasyon sa pananagutan, pagiging malinaw, at pakikibahagi ng komunidad, patuloy naming pinagaganda ang interactive na mapping tool sa pamamagitan ng pagpapakita sa mga pinagmumulan na sasailalim sa Programang ito. Sa ilang click, maaari mong tingnan ang mga pinagmumulan sa iyong komunidad na sinusuri sa ilalim ng Programang ito.

Ang impormasyon tungkol sa Programang "Mga Hot Spot" sa Mga Nakakalason sa Hangin, ang 2023 ulat ng Programa, at ang interactive na mapping tool ay maaaring makita sa website ng SDAPCD.

# PAGTIYAK SA PATULOY NA PAGSUNOD

Bineripika ng SDAPCD na ang mga nakapirming pinagmumulan na matatagpuan sa San Diego County ay sumusunod sa mga panuntunan at regulasyon ng kalidad ng hangin. Nakakamit namin ang layunin na ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon tungkol sa naaangkop na mga kinakailangan sa mga kontroladong entity, pagsasagawa ng mga walang pasabing inspeksyohn, pagtugon sa mga reklamo sa kalidad ng hangin, at pagsasagawa ng mga aksyon sa pagpapatupad kapag naidokumento ang mga paglabag.

Mahalaga ang mga programang ito para sa pamamahala ng polusyon sa hangin sa County ng San Diego, at pagprotekta sa kalusugan ng publiko sa pamamagitan ng pagtiyak na ang lahat ng kontroladong entity ay sumusunod sa mga pamantayan ng kalidad ng hangin.

Bagaman pangunahing kinokontrol ng SDAPCD ang mga nakapirming pinagmumulan ng polusyon sa hangin, iniinspeksyon din namin ang ilang gumagalaw na mga pinagmumulan (kasama ang mga heavy-duty truck at bus na pinapatakbo ng diesel, mga sasakyan na wala sa kalsada, at mga barko) sa pamamagitan ng Memorandum of Agreement sa California Air Resources Board. Ang mga pinagmumulan na ito ay nag-aambag sa maraming emisyon ng oxides of nitrogen (NOx), isang mahalagang panimula sa pagbuo ng ozone, at diesel particulate matter, na nagdudulot ng mga seryosong panganib sa kalusugan, kasama ang kanser sa baga. I-click dito para alamin pa ang tungkol sa Mobile Source Program.

## NOONG 2023 NAGSAGAWA ANG SDAPCD NG:




*TULONG SA PAGSUNOD*

26 na Pagpapayo/Abiso 12 Pagsasanay at Workshop noong 2023




*MGA INSPEKSYON*

14,660 Inspections in 2023



*MGA REKLAMO SA KALIDAD NG HANGIN*

717 Imbestigasyon noong 2023
Karaniwang Tagal ng Pagtugon 4.5 Oras



*PAGPAPATUPAD*

1,247 Abiso tungkol sa Paglabag
$970,618.40 na Mga Multa na Pera



# TULONG SA NEGOSYO

Bilang pagsusumikap na dagdagan ang bilang ng pagsunod ng mga kontroladong pinagmumulan ng polusyon sa hangin, nagbibigay kami ng suporta sa pamamagitan ng mga oportunidad sa pagsasanay, mga pagpapayo, nagtuturong video, at marami pa. I-click dito para alamin pa ang tungkol sa mga mapagkukunan na ito.

# MGA REKLAMO SA KALIDAD NG HANGIN

Ang SDAPCD ay may mga field inspector na available nang magdamag para imbestigahan ang mga reklamo sa kalidad ng hangin na inuulat ng publiko at gumagawa ng mga aksyon sa pagpapatupad kapag ang mga paglabag sa mga regulasyon ng kalidad ng hangin ay naidokumento. Nakatanggap ang SDAPCD ng humigit-kumulang na 700 reklamo noong 2023 tungkol sa mga amoy, alikabok, usok, o hindi wastong mga proseso ng pagtanggal ng asbestos. Sa karaniwan, tumutugon ang SDAPCD sa mga reklamo sa loob ng 5 oras. Pinoprotektahan ng programang ito ang kalusugan ng publiko sa pamamagitan ng pagtugon sa mga alalahanin ng publiko, pakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng komunidad, at pagtiyak sa pagsunod sa mga panuntunan at regulasyon ng SDAPCD.

Bilang bahagi ng dedikasyon ng SDAPCD sa pagiging malinaw, available na ngayon online ang online na mapping tool para sa reklamo. Pinapayagan ng tool ang publiko na handing matukoy ang mga komunidad na nag-uulat ng mga alalahanin sa kalidad ng hangin, pati rin ang impormasyon sa pagtugon sa inspeksyon.



**ANG KARANIWANG TAGAL NG PAGTUGON NG SDAPCD SA IMBESTIGASYON AY NASA 5 ORAS!**



# MGA GAWAD NA SALAPI AT INSENTIBO

Noong 2023, nagbigay ang SDAPCD ng mahigit sa $8.3 milyon sa insentibong pagpopondo para sa pagpapalit ng heavy duty na kagamitan na pinatatakbo ng diesel at mga proyekto para sa muling paglalagay ng kuryente. Pinagaganda ng mga proyektong ito ang kalidad ng hangin, pinoprotektahan ang publiko, at sinusuportahan ang paglipat ng mga lokal na negosyo sa mas malinis na kagamitan. Ang layunin ng programa ay bawasan ang NOx at mga emisyon ng reactive na organic gas (ROG), na nag-aambag sa polusyon sa ozone, at diesel particulate matter, isang contaminat na nakakalason sa hangin.

Ang mga proyektong ito ay magreresulta sa mahigit 258 toneladang pagbawas sa polusyon sa kanilang buhay.

# PROGRAMA SA PAGTUGON SA MGA PAMANTAYAN NG KALIDAD NG HANGIN NG CARL MOYER MEMORIAL (MOYER)

Ang pinakakilala at pinakamatagumay na programa ng insentibo ay nasa ika-26 na taon na nito at patuloy na nagtutuon ng pansin sa mga pagbawas mula sa heavy duty na kagamitan na pinatatakbo ng diesel tulad ng mga traktora, kagamitan sa konstruksyon na wala sa kalsada, mga truck, at mga sasakyan sa dagat.

Noong 2023, ang programang ito ay nagbigay ng mahigit $2.8 milyong pondo at makakamit ang mga pagbawas ng 74 tonelada ng NOx, 4.5 toneladang Reactive Organic Gases (ROG), at 3.9 toneladang particulate matter (PM) sa haba ng mga proyekto.



# PROGRAMA NG PROTEKSYON SA HANGIN NG KOMUNIDAD

Ang Programa ng Proteksyon sa Hangin ng Komunidad ay namumuhunan sa mga komunidad na kulang ng mapagkukunan sa pamamagitan ng pagbawas sa mga emisyon lalo na para sa mga lugar na pinakaapektado ng polusyon sa hangin, kung saan sa San Diego ay kinabibilangan ng mga Komunidad ng Portside at Mga Komunidad para sa Pangkapaligirang Hustisya sa Internasyonal na Hangganan at iba pang komunidad sa San Diego County na hindi gaanong napaglilingkuran. Noong 2023, nagbigay ang SDAPCD ng mahigit sa $2.9 milyong pondo para sa mga proyekto na makakabawas ng mahigit 86 toneladang NOx, 9.7 toneladang ROG, at 4.8 toneladang PM.

# PAGPOPONDO SA MGA PANG-AGRIKULTURANG PAMALIT NA MGA HAKBANG PARA SA MGA PAGBAWAS NG EMISYON (FUNDING AGRICULTURAL REPLACEMENT MEASURES FOR EMISSION REDUCTIONS, FARMER)

Ang programang FARMER ay partikular na para sa kagamitang ginagamit sa agrikultura. Ang sektor na ito, na mahalaga sa ekonomiya ng San Diego, ay maraming piraso ng kagamitan na ang mga emisyon ay direktang nakakaapekto sa mga manggagawa sa agrikultura at mga nakapaligid na komunidad. Noong 2023, ang programang ito ay nagbigay ng mahigit sa $1.9 milyon para sa mga proyekto na makakabawas ng 49.9 toneladang NOx, 8.3 toneladang ROG, at 2.7 toneladang PM.




# PAGBAWAS NG EMISYON MULA SA PAGDADALA NG MGA PRODUKTO

Ang Programa ng Pagbawas ng Emisyon mula sa Pagdadala ng mga Produkto ay nagbibigay ng pondo na partikular para sa kagamitang ginagamit para magdala ng kargo. Para sa San Diego, nangangahulugan iyon sa $600,000 pagpopondo noong 2023 para palitan ang mas lumang mga truck na pinatatakbo ng diesel ng mga truck na pinatatakbo ng natural gas na mababa ang NOx, binabawasan ang mga emisyon sa sektor na iyon ng 14.4 tonelada sa haba ng mga proyektong iyon.

# PAGBIBIGAY-DIIN SA GAWAD NA SALAPI

Noong 2023, pinondohan namin ang dalawang school bus na walang (zero) emission at ang aming unang De-kuryenteng Forklift. Babawasan ng mga bus ang particulate matter sa mga bata na pumapasok sa paaralan sa isang komunidad na hindi gaanong napaglilingkuran.



# PAGSUBAYBAY SA KALIDAD NG HANGIN


Ang mga Istasyon ng SDAPCD para sa Pagsubaybay ng Hangin

ay inilagay sa estratehikong paraan sa pagitan ng baybayin at paanan ng bundok na hanggang sa humigit-kumulang na 2,000 talampakan. Sinasakop ng malaking network sa pagsubaybay ang malawak na hanay ng topograpiya, meteorolohiya, mga emisyon at kalidad ng hangin sa San Diego County, habang sapat na kinakatawan ang malaking mga sentro ng populasyon. Ang networok sa pagsubaybay na ito ay gumaganap ng mahalagang tungkulin sa pag-assess sa progreso ng malinis na hangin ng San Diego County at tinutukoy ang mga pagkakalantad sa pollutant sa buong County.

# MGA ISTASYON NG KALIDAD NG HANGIN

Gumagamit ang SDAPCD ng malawak at iba't ibang tool para matukoy ang lokasyon ng bawat istasyon sa pagsubaybay, kasama ang CalEnviroScreen, ang EJScreen ng Environmental Protection Agency (EPA), ang lapit sa mga pasilidad na natukoy sa programa ng “Mga Hot Spot,” ang California Healthy Place Index, at iba pang dataset. Pinakamahalaga, nakikipagtulungan ang SDAPCD at isinasaalang-alang ang impormasyon mula sa mga residente ng komunidad at mga stakeholder.





# MGA POLLUTANT

Kinokolekta ang datos ng ambient concentration para sa malawak at iba't ibang uri ng pollutant sa ating air basin. Bagaman hindi lahat ng sumusunod na pollutant ay sinusukat sa bawat istasyon sa pagsubaybay, ang lahat ng site (maliban sa isa) ay sinusukat ang maraming pollutant kasama ang:

| **MGA POLLUTANT** | |
|---|---|
| Ozone (O3) | Mga Bakal |
| Sulfur Dioxide (SO2) | Organic at Elemental Carbon |
| Particulate Matter <2.5 micrometers (PM2.5) | Carbon Monoxide (CO) |
| Carbonyls | Particulate Matter <10 micrometers (PM10) |
| Black Carbon | Volatile Organic Compounds (mga VOC) |
| Nitrogen Dioxide (NO2) | Hexavalent Chromium |
| Lead (Pb) | Mga Cation at Anion |
| Oxides of Nitrogen (NOx) | |

# PAGPAPATUPAD NG MGA KARAGDAGANG TOOL (MGA SENSOR SA TJ RIVER VALLEY)

Ang hangin sa paligid (ambient) sa San Diego County ay palaging nagbabago at maaaring mangailangan ng pagpapatupad ng mga bagong estratehiya o kagamitan. Nakatanggap ang SDAPCD ng mga alalahanin sa mga amoy sa sewage na nanggagaling sa Tijuana River Valley at ang epekto sa kalidad ng buhay na idinudulot ng mga amoy sa mga nakapaligid na komunidad (tulad ng hindi makalabas o makapagbukas ng kanilang mga bintana). Bilang pagtugon sa alalahanin na ito, kumuha ang SDAPCD ng gawad na salapi sa Environmental Protection Agency para gumawa ng anim na AQ Mesh sensor para masukat at masubaybayan ang mga antas ng hydrogen sulfide (H2S), sulfur dioxide (SO2), (kung saan ang H2S ay ang pangunahing pollutant na nagdudulot ng mga amoy), at iba pang compound at meteorolohikal na sukatan.



Ang layunin ay mangolekta ng datos na makakatulong na masabi ang mga antas ng hydrogen sulfide para matukoy ang antas ng pagkakalantad ng publiko at makipagtulungan sa mga ahensya sa kalusugan para tumulong na maunawaan ang anumang potensyal na epekto sa kalusugan sa komunidad mula sa mga amoy. Ang mga resulta ng inisyal na pagsubaybay ay nagpakita ng halos hindi nagbabagong mga antas na mataas sa limitasyon ng amoy sa tao (10ppm) na may ilang pagtaas sa pamantayan ng nuisance sa amoy (30ppm) na itinatag ng California Air Resources Board (CARB). Pakitandaan na ang pamantayang ito ay batay sa antas ng nuisance sa amoy at hindi pamantayan na batay sa kalusugan.

# MGA ALALAHANIN SA KALIDAD NG HANGIN

**Madali lang mag-ulat ng mga alalahanin sa kalidad ng hangin! I-download ang aming mga mobile app.**

GET IT ON Google Play


Download on the App Store

Pinapahintulutan ka ng aming mga mobile app na mag-ulat ng mga alalahanin sa kalidad ng hangin tulad ng:

- Asbestos
- Alikabok
- Pasilidad sa Pag-dispense ng Gasolina
- Pagpapaandar ng sasakyan habang nakaparada
- Pagsisiga
- Usok
- Hindi Pinahihiintulutan/Hindi Sumusunod na Kagamitan/Mga Operasyon

Iniimbestigahan namin ang bawat alalahanin para maberipika ang pagsunod sa mga regulasyon ng kalidad ng hangin sa aming hurisdiksyon sa loob ng 48 oras o mas mababa.

Maaari mo ring i-ulat ang mga alalahanin sa kalidad ng hangin sa pamamagitan ng telepono sa (858) 586-2650 o e-mail sa apcdcomp@sdapcd.org. Para mag-ulat ng mga alalahanin pagkatapos ng oras ng opisina, pakitawagan ang (858) 586-2650 at pilin ang opsyon 2.



# KONTAKIN KAMI



Kung mayroon kang anumang mga tanong, kailangan ng karagdagang impormasyon, mangyaring huwag mag-atubiling kontakin kami. Inaasahan naming may marinig sa iyo at masiyasat kung paano tayo magtutulungan.

**Mga Pagtatanong ng Media:**
Melina Meza
Melina.Meza1@sdapcd.org

**Pangkalahatang Impormasyon:** 10124 Old Grove Road San Diego, CA 92131
(858) 586-2600
airinfo@sdapcd.org

**I-follow Kami:**

San Diego County Air Pollution Control District